POMPTONIAN
FOOD SERVICE

3 EDISON PLACE, FAIRFIELD, NJ 07004-3511 ● 973-882-8070 ● FAX: 973-882-6645
www.pomptonian.com

# Mga Kasanayan sa Allergy sa Pagkain

Pinakamataas na priyoridad namin ang kaligtasan at kaayusan ng mga mag-aaral na pinaglilingkuran namin. Bilang allergy-aware na kusina, walang pagkain ang nalalaman na inihahanda sa aming kagamitan, na may anumang pagkaing may peanut/tree nut sa listahan ng sangkap ng manufacturer, maliban sa coconut o buko. Mahalagang tandaan na ang mga pre-packaged na peanut butter at jelly sandwich o snack ay posibleng may peanut/tree nut, ayon sa mga kagustuhan ng distrito ng paaralan. Ang mga mag-aaral na mga may allergy sa pagkain, maliban sa peanut/tree nut, ay hinihikayat na mag-preorder ng pagkain.

Pakitandaan na ang mga staff ng Pomptonian ay naghahanda at nagluluto ng maraming iba't ibang pagkain sa mga kusina. Para mabawasan ang tsansa ng cross-contact, inihahanda ang mga pre-ordered na pagkain para sa mga mag-aaral na may mga nakadokumentong allergy gamit ang mga sangkap na wala ang nalalaman nilang allergen ayon sa label ng manufacturer. Pakitiyak na may tala mula sa isang Doktor ng Medisina sa file sa opisina ng nurse.

Nakakatanggap ng patuloy na pagsasanay sa pagbabasa ng label ng pagkain, mga pamamaraan sa cross-contact, at mga allergy sa pagkain ang staff na naghahanda ng mga pagkain para sa mga mag-aaral na may espesyal na pangangailangan sa diyeta. Ang Mga Direktor at Tagapamahala ng Operasyon ng Serbisyo sa Pagkain ay nakakatanggap ng buwanang pagsasanay sa allergy mula sa aming Direktor ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon na si Toni Bowman, MBA, RDN, SNS. Bukod pa rito, ServSafe Allergy Certified ang aming Mga Tagapamahala ng Operasyon, Direktor ng Serbisyo sa Pagkain, at Direktor ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon.

Dapat sagutan ng mga magulang/tagapag-alaga ang buwanang order form ng allergy menu kada buwan at ibalik ito sa cafeteria sa nakasaad na due date. Para sa mga mag-aaral na marami ang allergy sa pagkain, pakisagutan ang Natatanging Allergy-Aware na Menu na Kinakailangan para hilinging gumawa ng natatanging allergy menu para matugunan ang mga partikular na pangangailangan si diyeta ng iyong mag-aaral. Puwede ka ring makipag-ugnayan sa iyong Direktor sa Serbisyo sa Pagkain kung mayroon kang mga tanong. Para maging mas madali para sa iyo, puwede kang maglagay ng mga pondo sa account para sa pagkain sa tanghalian ng iyong anak o puwede mong ibigay ang bayad kasabay ang order form. Ang mga pre-ordered na allergy meal ay ihahanda at ipa-package nang hiwalay at lalagyan ng label nang naaayon. Pakisabi sa iyong anak na sabihin sa kawani ng serbisyo ng pagkain na mayroon siyang pre-ordered na pagkain, at ang pagkaing matatanggap ng iyong anak ay dapat may label na nakapangalan sa kanya. Makikita rito ang mga allergy menu para sa pre-order:
https://woodbridge.fdmealplanner.com/FOOD-ALLERGIES

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa kung bakita kasama sa aming mga pinakamahuhusay na kasanayan sa pamamahala ng allergy sa pagkain ang pag-preorder ng pagkain sa tanghalian, pakibasa ang, “Bakit Kailangang Mag-Preorder?” Kung kailangan mo ng higit pang tulong o kailangan mo ng higit pang impormasyon tungkol sa mga item sa menu, puwede namin kayong idirekta sa aming Direktor ng Mga Serbisyo sa Nutrisyon na si Toni Bowman, MBA, RDN, SNS.

Hindi na kami makapaghintay na mapagserbisyuhan kayo.